

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-3 ng Nobyembre 2020

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

PMI, hudyat ng panibagong paghina ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa pagmamanupaktura

Key findings

Kontrata sa output at mga bagong order sa gitna ng mahinang demand

Higit na pagbaba ng bilang ng mga manggagawa

Nanatiling positibo ang sentimyemto at mas gumanda ito sa buwan ng Oktubre

Ang data ng Oktubre 2020 ay nakolekta noong 12-23 Oktubre 2020.

Bagama't naging matatag ito sa pangkalahatan noong Setyembre, ipinakita ng pinakabagong PMI data na humina ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas dahil naging tuloy-tuloy ang epekto sa ekonomiya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) pandemic. Ang mga kumpanya ay nakaranas ng pagbaba ng mga bagong order dahil sa mga sunod-sunod na pagsasara ng negosyo at mas mahinang demand ng kliyente. Nagpatuloy sa ikaapat na quarter ang pagbabawas ng mga trabaho, at humina rin ang aktibidad ng pagbili. Gayunpaman, nanatiling positibo ang kumpiyansa ng negosyo, at tumaas ito dahil sa pag-asang magkakaroon ng mas malaking produksyon at mga bagong paglulunsad ng produkto sa susunod na taon.

Pagdating sa presyo, tumaas ang mga average na cost burden nang anim na buwang sunod-sunod, dahil sa mga surcharge ng supplier kasunod ng mga kakulangan sa raw material, ayon sa mga respondent. Tumaas din ang mga factory-gate na presyo, bagama't bahagya lang ito.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay bumaba sa 48.5 noong Oktubre mula 50.1 noong Setyembre, mas mababa sa 50.0 na neutral na marka na naghiiwalay sa expansion at contraction. Bumaba nang bahagya ang pinakamakailang pagsusukat matapos magsaad ng malawakang pagtatag sa buong sektor noong Setyembre, para maghudyat ng paghina ng mga kundisyon sa pagnenegosyo.


Bumaba ulit ang dami ng produksyon noong Oktubre, at mas mabilis pa ang naging pagbaba nito. Ayon sa mga kumpanyang nag-ulat ng panghihina, dahil ito sa mas mahinang demand. Gayunpaman, naging bahagya lang ang bilis ng contraction at naging mas mabagal ito kumpara sa kapansin-pansing paghina na naranasan noong Abril.

Bukod pa rito, nakaranas ang mga nagmamanupaktura ng pagbaba ng mga bagong order sa simula sa huling quarter ng 2020 sa kabila ng sandaling pagtaas nito na nakita noong Setyembre. Ang paghina ay idinulot ng mababang domestikong demand na iniugnay ng mga kumpanya sa pandemic, samantalang dumami naman ang mga bagong order mula sa ibang bansa nang dalawang buwan nang sunod-sunod.

Dahil sa mas kaunting mga bagong order, nagbawas nang husto ng mga tauhan ang mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa nakaraang yugto ng survey. Walong buwan nang sunod-sunod na bumababa ang employment. Ayon sa mga panelista, ang pinakamakailang pagbaba ay dahil sa mga boluntaryong pag-alis sa trabaho. Ang isa pang buwanang pagbaba ng mga

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Bagama't malawakan itong tumatag noong Setyembre, isinaad ng pinakabagong PMI data na humina ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Oktubre. Ang mahinang demand ng kliyente sa mga domestikong merkado, kapansin-pansing pagbabawas ng employment, at mas mababang produksyon ay nakaapekto sa kalagayan ng sektor, at idinulot nito ang pagbaba ng kabuuang PMI figure.

“Susupportahan ng muling pagbubukas ng mga negosyo ang pag-ahon ng ekonomiya, pero nanatiling mas malaki ang dami ng mga impeksyon sa Pilipinas kumpara sa mga karating-bansa. Hanggang mas maging kaunti ang dami ng mga kaso ng virus sa bansang ito at sa buong daigdig, malamang na makakakita tayo ng mahabang recovery sa manufacturing production.

“Sa ngayon, nananatiling optimistic ang mga kumpanya na tataas ang produksyon sa darating na taon, gayunpaman, hindi pa rin natin alam kung pansamantala lang ang pinakamakailang contraction.”

backlog ng trabaho ay naging ebidensya na mayroon pa ring sobrang kapasidad sa buong sektor ng pagmamanupaktura.


Ang muling paghina ng inflow ng mga bagong order ay nagdulot sa mga kumpanya na bawasan ang kanilang imbentaryo ng mga input sa pinakabagong yugto ng survey. Naubos ang mga stock ng raw material at gawang produkto, na iniugnay ng mga kumpanya sa mga kakulangan sa supplier at kawalan ng katiyakan sa demand.

Nanatiling kapansin-pansin ang mga isyu sa supply chain dahil naging mas matagal ang mga paghahatid noong Oktubre, kaya napahaba nito sa limampung buwan ang kasalukuyang yugto ng paghina ng performance ng vendor. Ang mas mahahabang delay ay karaniwang iniugnay sa mga paghihigpit sa transportasyon.

Pagdating sa presyo, tumaas ang mga gastusin sa input na kinakaharap ng mga nagmamanupaktura, at nakadagdag sa inflation ang mas matataas na gastusin sa raw material at mga surcharge ng supplier. Gayunpaman, hindi masyadong malaki ang itinaas nito at naging pinakamababa ito mula noong Mayo. Samantala, tumaas nang kaunti ang mga singil sa output. Kung saan may namataang pagtaas, binanggit ng mga panelista ang bahagyang pagpapasa ng mas matataas na cost burden. Naitala ng mga kumpanya ang pagbaba ng mga presyo sa pagbenta, gayunpaman ay binanggit nila na ang mga estratehiya sa pagdiskwento ay ipinatupad para pataasin ang sales.

Panghuli, naging positibo noong Oktubre ang mga inaasahan sa negosyo para sa susunod na 12 buwan, gaya ng naging kaso mula noong simula ng survey noong Enero 2016. Ang mga kumpanyang naging optimistic tungkol sa mas matataas na antas ng output sa pagsapit ng Oktubre 2021 ay nagbanggit ng mga plano para sa expansion at paglulusad ng mga bagong produkto. Ang antas ng kumpanya ay mas mababa sa long-run series average, gayunpaman ay inaasahan ng ilang kumpanya na magkakaroon ang COVID-19 ng pangmatagalang epekto sa produksyon.

PMI Output Index sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Oktubre 2020 ay nakolekta noong 12-23 Oktubre 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.